

**Nanganganib ba ako sa Hepatitis B?**

## **Ano ito?**

Ang Hepatitis B ay isang virus na nakakahawa sa atay at maaaring humantong sa malubhang sakit sa atay. Ang atay ay isang mahalagang organo at responsable sa pagtutunaw ng pagkain at mapaminsalang mga kemikal, na gumagawa ng lubhang mahalagang mga protina at nag-iimbak ng napakahahalagang mga bitamina, mineral, iron at asukal.

## **Gaano ito kakaraniwan?**

May humigit-kumulang sa 350 milyong tao ang nahawahan ng hepatitis B sa mundo sa anumang isang panahon.

May humigit-kumulang sa 600 - 800 bagong mga kaso bawat taon ang naiuulat sa England at Wales, na may 50 - 60 mga kaso bawat taon ang naiuulat sa Wales pa lamang. Ang bilang ng naiulat na mga kaso ay mababa kumpara sa ilang iba pang bansa ngunit marami pang mga tao ang magkakaroon ng sakit na ito ngunit hindi nila ito nalalaman.

## **Ano ang mga sintomas?**

Maraming taong may impeksyon ng hepatitis B ang di-nakakaalam na sila ay nahawahan sapagkat sila ay walang mga sintomas. Ang iba ay maaaring makaramdam ng hanay ng mga sintomas kapag sila ay bagong nahawahan. Maaaring kabilang dito ang tila-trangkaso na sakit, lubhang pagkapagod, kawalan ng gana sa pagkain, paninilaw ng balat at mga mata (jaundice); at/o malabong kulay ng ihi. Ang sinumang may impeksyon ay maaaring magpasa nito sa iba, kahit na wala silang anumang sintomas o hindi nila alam na sila ay nahawahan. Ang impeksyon ng Hepatitis B ay karaniwang nalalaman sa pamamagitan ng pagsusuri sa dugo (blood test).

## **Ilan pang karagdagang impormasyon tungkol sa hepatitis B**

Ang karamihan sa mga taong nahawahan na nasa gulang ay lubos na gumagaling mula sa impeksyon. Samantalang, sa bawat 100 taong nahawahan:

- hanggang 1 tao ang maaaring magdusa sa malubhang di-paggana ng atay na nangyayari nang 'di katagalan pagkatapos mahawahan; at
- humigit-kumulang sa 5 ang magpapatuloy na magkaroon ng pangmatagalang panahon na impeksyon – na nagiging tagapagdala (ng sakit) na maaaring manghawa ng impeksyon sa iba. Humigit-kumulang sa 1 sa mga tagapagdalang ito ang magkakaroon ng malubhang sakit sa atay sa kanyang buhay sa bandang huli.

Ang mga bata at mga sanggol na nahawahan ng hepatitis B ay mas malamang na nagiging mga tagapagdala ng virus, ngunit may mas mababang posibilidad kaysa sa mga nasa edad na magpakita ng anumang agad-agad na mga palatandaan ng impeksyon. Sa kadalasan, ang nahawahang bata ay magdadala ng virus sa buong buhay niya at mas malamang na magkaroon ng malubhang sakit sa atay sa kalaunan.

Wala pang lunas ang hepatitis B ngunit mayroong ilang paggamot na maaaring makatulong sa pagpigil ng paglala ng pagkapinsala ng atay at pagdami ng virus. Ang bisa ng paggamot na ito ay magkakaiba sa bawat tao.

May iba pang mga tipo ng nakakahawang hepatitis, gaya ng hepatitis A at hepatitis C, at ang mga ito ay naiiba sa hepatitis B.

## **Paano nahahawahan ang mga tao?**

Ang hepatitis B na virus ay nasa dugo at nasa ilan pang ibang mga likido ng katawan ng nahawahang mga tao. Ito ay lubhang nakakahawa. Ang nangungunang mga paraan na naikakalat ang impeksyon mula sa isang tao papunta sa isa pang tao ay:

- ang pakikipagtalik sa nahawaannahawahang tao nang hindi gumagamit ng kondom (babae't lalaki at lalaki't lalaki na pakikipagtalik). Ito ay isang panganib sapagkat ang mga likido ng katawan ay maaaring nagtataglay ng virus;
- mula sa isang nahawahang ina papunta sa kanyang sanggol,
- sa pamamagitan ng pakikibahagi ng pang-iniksiyong mga kagamitan para sa droga (kabilang ang mga karayom, mga iniksiyon, mga kutsara, tubig at mga pansala/filter);
- sa pamamagitan ng pakikibahagi ng mga sipilyo, pang-ahit o mga kagamitan para sa pagtatato at “piercing” ng katawan, kung ang mga ito ay hindi nalinis nang mabuti; o
- sa pamamagitan ng dugo-sa-dugo na kontak (halimbawa, pagtanggap ng nahawahang dugo o mga produkto ng dugo).

## **Sino ang nanganganib?**

Ang mga taong kabilang sa sumusunod na mga grupo ay maaaring mas nanganganib sa pagkaroon ng hepatitis B:

- mga sanggol na ipinanganak ng nahawahang ina;
- ang kinakasama (partner), anak, o miyembro ng sambahayan ng taong nahawahan;
- ang mga taong may trabaho kung saan mayroong kontak sa mga nakakahawang mga likido ng katawan, halimbawa mga doktor, nars, dentista, opisyal ng bilangguan, o mga pulis;
- ang sinumang madalas na nagpapalit ng kanyang katalik, lalo na kung sila ay hindi gumagamit ng kondom ; o
- ang sinumang tumuturok ng mga droga at nakikibahagi ng mga pang-iniksiyong mga kagamitan.

Kung sa palagay mo ikaw, o ang inyong kapamilya, ay maaaring higit na nanganganib, dapat na pag-usapan ninyo ito kasama ang iyong doktor, tagapag-alagang nars, o klinika ng panggagamot sa genito-urinary (GUM).

Kung ikaw ay naglalakbay sa isang bansa kung saan ang hepatitis B ay karaniwan, maaari ring ikaw ay mas nanganganib. Ang pangangailangan sa pagpapabakuna ay mapag-uusapan ninyo ng iyong Pangkalahatang Doktor (GP), tagapag-alagang nars, o klinika sa paglalakbay (travel clinic) na makakapagbigay ng payo tungkol sa pagpapabakuna at ang mga gawaing may matataas na panganib na dapat iwasan habang nasa ibang bansa.

## **Mapoprotektahan ba ako laban sa impeksyon ng hepatitis B?**

Oo. Mayroong lubusang mabisang bakuna na handang makuha. Kung sa palagay mo'y ika'y maaaring mas nanganganib sa hepatitis B, makipag-usap sa iyong GP, tagapag-alagang nars, o sa lokal na klinika ng GUM. Sila ay tutulong sa iyo sa pagpasya kung dapat kang magpabakuna upang protektahan ang iyong sarili, gayundin'y, sila ay mag-aalok ng patnubay sa kung paano mabawasan ang iyong mga panganib.

## **Ano ang pagpapabakuna sa Hepatitis B?**

Ang pagpapabakuna laban sa Hepatitis B ay karaniwang ibinibigay na kinabibilangan ng 3 pagtuturok. Ang bakuna ay labis na ligtas at ang bakuna ay kasama sa regular na imunisasyon para sa sanggol sa karamihan sa mga bansa sa buong mundo. Mahalaga na makumpleto mo ang buong proseso para sa pinakamaiging proteksyon. Kung sa palagay mo'y ika'y mas nanganganib sa hepatitis B, makipag-usap sa iyong GP o tagapag-alagang nars. Bilang alternatibo, makipag-ugnayan sa inyong lokal na klinika ng GUM para sa kumpidensiyal, di-kilalang pagbibigay-payo at pagsusuri.

## **Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?**

Matatawagan mo ang NHS Direct Wales sa  
0845 46 47

o

Bumisita sa website ng Public Health Wales (Pampublikong Kalusugan ng Wales) sa:

[www.publichealthwales.wales.nhs.uk/](http://www.publichealthwales.wales.nhs.uk/)

o sa:

The British Liver Trust

2 Southampton Road, Ringwood, BH24 1HY

Libreng Helpline: 0800 652 7330

Pangkalahatang paghingi ng impormasyon: 01425 481320

Fax: 01425 481335

Email: [info@britishlivertrust.org.uk](mailto:info@britishlivertrust.org.uk)

[www.britishlivertrust.org.uk](http://www.britishlivertrust.org.uk)

© Karapatang magpalathala ng Crown 2010 E749